



---

DEPARTMENT of  
REHABILITATION

---

Employment, Independence & Equality



## Aklat ng Impormasyon Para sa Consumer

## Mga Petsang Dapat Tandaan

_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____
_____	_____

## Mahahalagang Contact

_____
_____
_____
_____
_____

## Talaan ng Mga Nilalaman

Misyon .....	1
Pambungad .....	2
Layunin .....	3
Sino ang Dapat na Mag-apply.....	4
Mga Tukoy na Serbisyo Mula sa Ibang Ahensiya .....	4
Paano Mag-apply.....	5
Pamamaraan ng Pagtatasa .....	7
Pagiging Kwalipikado.....	9
Pagtanggap ng Mga Serbisyo.....	10
Indibidwal na Plano para sa Trabaho.....	12
Mga Serbisyo sa Trabaho.....	15
Mga Tungkulin ng Consumer.....	17
Mga Tungkulin ng Tagapayo.....	20
Pagsasara ng Kaso .....	21
Programa sa Pagtulong sa Kliyente .....	22
Pagsusuri ng Mga Pagpapasya .....	23
Pagiging Kumpedensyal .....	25
Pagbubunyag.....	26
Diskriminasyon .....	26
Mga Distritong Tanggapan ng DOR.....	29

## Misyon

Nakikipagtulungan ang Kagawaran ng Rehabilitasyon ng California (DOR) sa mga consumer at iba pang mga stakeholder upang magbigay ng mga serbisyo at pagsuporta na nagreresulta sa trabaho, nagsasariling pamumuhay, at pagkakapantay-pantay para sa mga indibidwal na may mga kapansanan.

## Ang Aming Mga Pangunahing Pagpapahalaga

Mga pagpapahalaga kung saan napapasailalim ang pagpapatakbo ng lahat ng aming programa at serbisyo.

### **Kalidad**

Magsumikap na matugunan ang mga pangangailangan ng mga stakeholder sa pamamagitan ng patuloy na pag-unlad, kahusayan, pagkamalikhain, at pagtutulungan.

### **Paggalang**

Maging sensitibo sa iba-ibang pangangailangan ng ibang mga tao, parehong panloob at panlabas na mga stakeholder, sa pamamagitan ng pagiging magalang, mapagmalasakit, maunawain, at propesyunal.

### **Integridad**

Sa lahat ng gawain, kumilos sa isang etikal, matapat, at propesyunal na paraan.

### **Pagiging Bukas**

Maging handang makinig at magbahagi ng impormasyon sa iba. Umangkop, maging malawak, magtiwala at tumanggap ng mga bagong ideya.

### **Pananagutan**

Akuin at managot sa iyong mga pagkilos at sa mga resulta nito.

## Ang Aming Mga Gumagabay na Prinsipyo

Mga prinsipyo na gumagabay sa amin sa aming pang-araw-araw na trabaho.

1. Paghahatid ng mga mabisang serbisyo sa pang-bokasyunal na rehabilitasyon, at ng iba pang mga programa at serbisyo sa isang mahusay, mapagmalasakit, propesyunal, at mabilis na paraan.
2. Pagtataguyod, pagpapa-unlad, at pagpapanatili ng mahusay, malikhain, at lubos na ganadong kawanihan.
3. Pagpapanatili ng pampublikong tiwala sa pamamagitan ng pagiging responsable sa pananalapi at pagtiyak sa mga de-kalidad na programa at serbisyo.
4. Pagpapanatili ng aming gampanin bilang iginagalang na pinuno sa komunidad ng kapansanan; na nagbibigay inspirasyon sa mga taong aming pinaglilingkuran.

## Pambungad

Kung mayroon kang kapansanan at kailangan mo ng mga serbisyo sa pang-bokasyunal na rehabilitasyon, maaaring makatulong sa iyo ang Kagawaran ng Rehabilitasyon (DOR) na makahanap ng trabaho at maging nagsasarili. Ang librito na ito ang iyong magiging gabay sa mga serbisyo ng DOR.

Bilang isang consumer ng DOR, bubuuin mo at ng iyong tagapayo ang iyong programa sa pang-bokasyunal na rehabilitasyon, na kinabibilangan ng iyong layunin sa trabaho at ng mga serbisyong iyong kakailanganin upang makamit ang iyong layunin. Ikaw ang pinakamahalagang tao sa pamamaraang ito.

Kung hindi ka makahanap ng mga sagot sa iyong mga tanong sa libritong ito, mangyaring makipag-ugnay sa lokal na tanggapan ng DOR sa iyong lugar. Matatagpuan ang mga numero ng telepono at mga adres ng mga distritong tanggapan ng DOR sa mga pahina 29-30.

# Layunin

Ang mga programa, proyekto, at gawain ng Kagawaran ng Rehabilitasyon sa pang-bokasyunal na rehabilitasyon at sa nagsasariling pamumuhay ay ipatutupad sa paraang naaayon sa mga sumusunod na prinsipyo: paggalang para sa dignidad ng indibidwal, personal na responsibilidad, determinasyon sa sarili, at pagpupursigang makamit ang nagsasariling pamumuhay at mga makabuluhang propesyon, batay sa makahulugang pagpili ng mga indibidwal na may mga kapansanan. (Welf. & Inst. Code Sec. 19000(e)(1))

Ang makahulugang pagpili ay tumutukoy sa pagbibigay ng mga gawain sa mga indibidwal na may mga kapansanan na pinaglilingkuran ng mga proyekto sa ilalim ng bahaging ito upang magkaroon ng pagkakataong maging aktibo, ganap na mga kasosyo sa pamamaraan ng rehabilitasyon, at gumagawa ng mga makabuluhan at makahulugang pagpili gaya ng sumusunod:

- (a) Sa panahon ng mga pagtatasa sa pagiging kwalipikado at mga pangangailangan sa programang pang-bokasyunal na rehabilitasyon.
- (b) Sa pagpili ng mga resulta ng trabaho, serbisyong kinakailangan upang makamit ang mga resulta, mga nagbibigay ng mga serbisyong ito, at mga pamamaraang ginagamit upang panatilihin ang mga serbisyong ito. (34 C.F.R. Sec. 361.52; tingnan din ang 29 U.S.C. Sec. 722(b)(2)(B))

# Sino ang Dapat na Mag-apply?

- ❑ Mayroon ka bang kapansanan?
- ❑ Nais mo bang magtrabaho?
- ❑ Nagkakaroon ka ba ng problema sa pagkuha o pagpapanatili sa trabaho dahil sa iyong kapansanan?
- ❑ Naniniwala ka bang ang mga serbisyong pang-bokasyunal na rehabilitasyon gaya ng paglalagay sa trabaho, pagsasanay, o iba pang paghahanda sa trabaho ay makakatulong sa iyong makakuha at makapagpanatili sa trabaho?

Kung "oo" ang iyong isinagot sa lahat ng tanong na ito, maaari kang maging kwalipikado para sa mga serbisyo ng DOR. Upang matuto nang higit pa, makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng DOR.

## Mga Tukoy na Serbisyo Mula sa Ibang Ahensiya

Nagbibigay din ang DOR ng impormasyon at mga tukoy na serbisyo na mula sa ibang ahensiya o programa sa mga taong nais mag-apply o nangngailangan ng mga serbisyong ito, gaya ng:

- 1) Schedule "A" Appointment - Isang tulong na pang-pederal na tulong para sa mga taong may mga kapansanan na nag-a-apply para sa mgapederal na trabaho. Ang mga Schedule "A" Appointment ay nangangailangan ng liham ng pagpapatunay mula sa isang tagapayo ng DOR.
- 2) Limited Examination and Appointment Program (LEAP) - Tumutulong ang LEAP na manghimok at mag-empleyo ng mga taong may mga kapansanan para sa mga partikular na trabaho sa serbisyo ng estado. Maaaring mag-apply ang mga taong karapatdapat sa LEAP para sa anumang eksaminasyong tinukoy ng LEAP kung matutugunan ang

pinakamababang hinahanap na katangian. Ang pagiging kwalipikado at pakikilahok sa LEAP ay nangangailangan ng pagpapatunay sa kapansanan mula sa isang tagapayo ng DOR.

Upang matuto nang higit pa tungkol sa Schedule "A," LEAP, at mga tukoy na serbisyomula sa iba pang ahensya o programa, mangyaring makipag-ugnay sa iyong lokal na tanggapan ng DOR.

## Paano Mag-apply

Paano humiling ng mga serbisyo ng DOR:

1. Pumunta sa lokal na tanggapan ng DOR sa iyong lugar at kumpletuhin ang isang aplikasyon, o
2. Tumawag sa iyong lokal na tanggapan ng DOR upang humiling ng aplikasyon, o magtanong tungkol sa mga serbisyo ng DOR, o
3. Mag-apply online sa [www.dor.ca.gov](http://www.dor.ca.gov) o mag-impenta ng aplikasyon mula sa website at i-mail ang nakumpletong aplikasyon sa iyong lokal na tanggapan ng DOR.
4. Ibigay ang kinakailangang impormasyon sa DOR upang simulan ang pamamaraan ng aplikasyon. Itinuturing kang nagsulong ng aplikasyon kapag ikaw o ang iyong kinatawan, kung naaangkop ay:

(1) Nag-apply para sa o humiling ng mga serbisyo sa pamamagitan ng:

- a) Pagkumpleto at paglagda sa isang DR222, Aplikasyon sa Mga Serbisyong Pang-Bokasyunal na Rehabilitasyon; o
- b) Pagkumpleto ng karaniwang porma ng aplikasyon sa One-Stop Center na humihiling ng mga serbisyo sa pang-bokasyunal na rehabilitasyon; o
- c) Kung hindi man ay humiling ng mga serbisyo mula sa DOR; **at**

(2) Nagbigay sa DOR ng impormasyong kinakailangan upang magsimula ng pagtatasa upang matukoy ang pagiging kwalipikado at prayoridad para sa mga serbisyo; **at**

(3) Laging nakahandang tawagin upang kumpletuhin ang pamamaraan ng pagtatasa.



Upang matukoy ang pagiging kwalipikado sa loob ng panahong inatas ng batas, ang **petsa ng aplikasyon ay ang petsa kung kailan natugunan ang lahat ng tatlong kinakailangan na nakalista sa itaas.**

Pagkatapos mong magsulong ng aplikasyon o humiling ng mga serbisyo at nakapagbigay ng pangunahing impormasyon sa DOR, mabibigyan ka ng takdang tipanan para sa isang panayam upang simulan ang pamamaraan ng pagtatasa.

# Pamamaraan ng Pagtatasa

Ang layunin ng pamamaraan ng pagtatasa ay upang bigyang-daan ka at ang iyong tagapayo na talakayin ang:

- iyong kapansanan at kung paano ito nakakaapekto sa iyong kakayahang magtrabaho at
- ang mga uri ng serbisyo ng DOR na maaaring kailangan mo upang magkaroon ng trabaho.

**Pagiging kwalipikado** - Ikaw at ang iyong tagapayo ay:

- magkakamit at susuri ng medikal at iba pang impormasyon upang matukoy kung paano nakakaapekto ang iyong kapansanan sa iyong kakayahang magtrabaho at
- matukoy kung paano makakatulong sa iyo ang mga serbisyo ng DOR na makakuha at makapagpanatili sa trabaho.

Pagkatapos magkamit ng sapat na impormasyon, tutukuyin ng iyong tagapayo ang iyong pagiging kwalipikado para sa mga serbisyo ng DOR.

**Prayoridad para sa Mga Serbisyo** - Ikaw at ang iyong tagapayo ay:

- susuri at tatalakay ng impormasyong nakamit mula sa iyo at sa iba pang mga pinagkunan tungkol sa iyong kapansanan,
- sasang-ayon sa kung paano ka nito nalilimitahan sa anim na pangkalahatang bahagi ng paggana, kabilang ang: pakikipag-ugnayan, kakayahang gumalaw o magpalipat-lipat, mga kakayahan sa pakikisalamuha sa kapwa, pangangalaga sa sarili, kakayahan sa trabaho at mga kasanayan sa trabaho, at batay sa pagtatasang ito,
- tutukoyin ang puntos ng iyong prayoridad sa kapansanan na kumakatawan sa iyong mga limitasyong may-kaugnayan sa trabaho.

**Pagtatasa sa Mga Pangangailangan sa Programang Pang-Bokasyunal na Rehabilitasyon** - Tatalakayin mo at ng iyong tagapayo ang:

- iyong mga kakayahan at kapasidad at sa hangganang kinakailangan,

- mga may-katuturang pagtatasa upang matukoy ang mga serbisyo at tulong na iyong kakailanganin upang makakuha at makapagpanatili sa trabaho.

Ikaw at ang iyong tagapayo ay magtutulongan sa paggawa ng mga makabuluhan na pagpili sa kabuuan ng iyong programang pang-bokasyunal na rehabilitasyon. Sa iyong kahilingan, makikipag-ugnayan sa iyo ang DOR sa iyong pangunahing wika at naaangkop na paraan ng pakikipag-ugnayan nang sa gayon ay ganap mong maunawaan ang proseso.

**Aktibong makilahok** - Mas mabilis na kikilos ang iyong programang pang-bokasyunal na rehabilitasyon kung mananatili kang aktibong kasangkot sa iyong vocational rehabilitation (VR) team at ibibigay mo ang hinihiling na impormasyon sa pinakamadaling panahon.

### **Paano ka makakatulong sa proseso ng pagtatasa?**

1. Dalhin ang kumpletong impormasyon sa iyong unang pagpupulong, kabilang ang:
  - anumang mga dokumentong mayroon ka tungkol sa iyong kapansanan,
  - mga kamakailang talaan at kasulatang pang-benisyo gaya ng mula sa Administrasyon ng Panlipunang Seguridad(SSA) o iyong "Ticket" mula sa pederal na "Ticket to Work (TTW)" na programa.
  - isang listahan ng mga pangalan, address, at numero ng telepono ng mga doktor, propesyunal, at samahan na iyong kinunsulta tungkol sa iyong kapansanan, at
  - anumang dokumentasyong mayroon ka tungkol sa iyong kapansanan, gaya ng isang kopya ng iyong Individual Educational Plan.
2. Matuto ng tungkol sa at maunawaan ang pamamaraan ng programang pang-bokasyunal na rehabilitasyon.
  - Basahin ang impormasyong aming ibinigay sa iyo tungkol sa programa.
  - Kung hindi mo nauunawaan ang isang bagay na iyong binabasa o isang bagay na inilalarawan, makiusap sa isang miyembro ng iyong VR team na ipaliwanag ito.
3. Dumalo sa iyong mga pakikipagtipan at dumating sa itinakdang oras.
  - Tumawag sa tanggapan ng iyong tagapayo kung hindi ka makakadalo sa isang itinakdang tipanan.
  - Sabihin sa iyong tagapayo kung lumipat ka o binago mo ang numero ng iyong telepono.
4. Ipagpatuloy at kumpletuhin ang iyong bahagi sa anumang mga pagkilos na pinagkasunduan ninyo ng iyong tagapayo.

***Nakasalalay Ito Sa Iyo!***

# Pagiging Kwalipikado

Kung makatanggap ang DOR ng kumpletong impormasyon tungkol sa iyong kapansanan, pasulat kang aabisuhan ng iyong tagapayo tungkol sa iyong pagiging kwalipikado sa loob ng 60 araw matapos matanggap ang iyong aplikasyon. Kung hindi kumpleto o naantala ang impormasyon tungkol sa iyong kapansanan, ikaw at ang iyong tagapayo ay pagkakasunduan ang tiyak na petsa ng palugit upang matukoy ang iyong pagiging kwalipikado.

*Kung tumatanggap ka ng mga benepisyo mula sa Administrasyon sa Panlipunang Seguridad (Social Security Administration) o kung mayroon kang may-bisang "Ticket to Work," ikaw ay ipinapalagay na kwalipikado para sa mga serbisyo ng DOR.*

**Ticket to Work Hotline**  
1-866-449-2730 Telepono  
1-866-359-7705 TTY

Upang maging kwalipikado para sa mga serbisyo, ang isang indibidwal ay dapat na:

- mayroong kapansanan na pisikal o pangkaisipan
- na lubos na nakahahadlang sa kanyang kakayahang magpanatili sa trabaho at
- kinakailangan ang mga serbisyong pang- bokasyunal na rehabilitasyon upang makapaghanda, makakuha, makapagpanatili, o pagpapanumbalik sa trabahong naaayon sa mga natatanging lakas, mapagkukunan, prayoridad, alalahanin, kakayahan, kapabilidad, interes, at makahulugang pagpili ng aplikante; at
- maaaring makinabang ang indibidwal sa mga serbisyo na naghahantong sa isang trabaho na sama-sama at walang ibinubukod.

Kung masyadong malala ang iyong kapansanan na maaaring hindi ka makinabang sa mga serbisyo ng DOR, maaari kang mabigyan ng pagkakataong ipakita ang iyong kakayahang makinabang sa mga serbisyo

ng DOR sa pamamagitan ng pagtatrabaho sa isang makatotohanang sitwasyon sa trabaho (pagsubok na karanasan sa trabaho). Kung kinakailangan, maaari kang makatanggap ng mga naaangkop na serbisyo ng DOR sa panahon ng pagsubok na karanasan sa trabaho.

## Pagtanggap ng Mga Serbisyo

**Hanay ng Pagpili** - Kapag walang sapat na pondo ang DOR upang pagsilbihan ang lahat ng aplikanteng kwalipikado para sa mga serbisyo ng DOR, hinihiling ng batas na gumamit ang DOR ng pamamarang na "Hanay ng Pagpili" upang matiyak na ang mga taong may mga pinakamakabuluhang kapansanan ang unang paglilingkuran.

Kasama ng iyong pagtukoy sa pagiging kwalipikado, makakatanggap ka ng puntos ng prayoridad ng kapansanan na tinatawag na "Prayoridad para sa Pagtukoy ng Mga Serbisyo" na gagamitin sa pamamaraan ng Hanay ng Pagpili. Ang pagbibigay sa lahat ng aplikante ng puntos ng prayoridad, at paglalagay sa kanila sa mga kategorya ng prayoridad ay isang patas na pamamaraan upang mapaglingkuran ang lahat ng aplikante ayon sa hanay na iniaatas ng batas:

- Ang mga taong nasa kategoryang "may pinakamakabuluhang kapansanan" ang unang paglilingkuran.
- Ang mga taong nasa kategoryang "may makabuluhang kapansanan" ang susunod na paglilingkuran, at
- Ang mga taong nasa "kategoryang may kapansanan" ang huling paglilingkuran.

Sa loob ng bawat kategorya ng prayoridad ng kapansanan, paglilingkuran ang mga consumer alinsunod sa petsa ng kanilang aplikasyon.

**Listahan ng Naghihintay** - Kung walang sapat na pondo ang DOR upang pagsilbihan ang mga aplikanteng nasa iyong kategorya ng prayoridad ng kapansanan, ikaw ay:

- ilalagay sa isang listahan ng naghihintay,
- aabisuhan taun-taon tungkol sa kung aling kategorya ang pinaglilingkuran,

- aabisuhan sa sandaling magkaroon ng pondo, at paglilingkuran alinsunod sa petsa ng iyong aplikasyon.

Makakakita ka ng impormasyon tungkol sa pamamaraan ng pag-aabiso sa listahan ng naghihintay sa aming website, [www.dor.ca.gov](http://www.dor.ca.gov).

Habang ikaw ay nasa listahan ng naghihintay, bibigyan ka ng DOR ng impormasyon at mga tukoy na serbisyo mula sa ibang ahensiya o programa at iba pang mga serbisyong maaaring makatulong sa iyong maabot ang iyong mga layunin sa trabaho hanggang sa makatanggap ka ng mga serbisyo ng DOR.

# Indibidwal na Plano para sa Trabaho (IPE)

## **Kung ikaw ay:**

- nag-apply para sa mga serbisyo,
- kinumpleto ang pamamaraan ng pagtatasa,
- napag-alamang kwalipikado para sa mga serbisyo,
- at inilagay sa isang pinaglilingkurang kategorya ng prayoridad ng kapansanan,

bubuuin mo at ng iyong tagapayo nang magkasama ang iyong IPE. Ang IPE ay ang iyong nakasulat na plano na naglilista ng iyong layon sa trabaho at mga serbisyo ng DOR na iyong matatanggap upang maabot ang iyong layunin sa trabaho. Pag-uusapan mo at ng iyong tagapayo ang iyong mga natatanging lakas, mapagkukunan, prayoridad, alalahanin, kakayahan, kapabilidad, interes, at makahulugang pagpili habang binubuo ninyo ang iyong IPE.

- Ikaw at ang iyong tagapayo ay nagtutulungan sa pagbubuo ng iyong IPE.
- Tutukuyin mo at ng iyong tagapayo ang iyong mga layunin sa trabaho.
- Magkakaroon ka ng pagkakataon, batay sa mga regulasyon ng DOR, na talakayin at piliin ang mga serbisyo, tagapagbigay, at uri ng pagtatrabahuhan na iyong kailangan upang maabot ang iyong mga layunin sa trabaho ayon sa iyong programang pang-bokasyunal na rehabilitasyon .
- Tatalakayin mo at ng iyong tagapayo ang pamamaraan upang makuha ang mga kinakailangang serbisyo.

# Pagbuo ng IPE

Ang iyong IPE ay kabibilangan ng sumusunod:

- Paglalarawan sa iyong layunin sa trabaho
- Tiyak na panahon upang maabot ang iyong layunin sa trabaho
- Paglalarawan sa mga serbisyo at tagapagbigay ng serbisyo na iyong kailangan
- Tiyak na panahon para sa pagbibigay ng bawat isa sa mga kabilang na serbisyo
- Paglalarawan sa proseso upang makakuha ng mga serbisyo
- Paglalarawan sa pamantayan upang masukat ang iyong pagunlad
- Mga tungkulin mo, ng iyong tagapayo, at ng mga iba pang kasangkot sa iyong IPE
- Balangkas ng pakikilahok ng consumer sa pagbabayad para sa bahagi ng IPE, kung naaangkop
- Pagtukoy ng mga naihahambing na serbisyo at benepisyo na maaari kang mag-aply at panatilihin

Ang iyong mga pagpipilian para sa pagbuo ng iyong IPE ay kinabibilangan ng:

- Pagtanggap ng tulong mula sa iyong VR team.
- Pagtanggap ng tulong mula sa mga mapagkukunan sa labas
- Pagbuo ng iyong sariling IPE

Gagawin ng isang miyembro ng iyong VR team na:

- Ipaliwanag ang mga bahagi ng IPE at ang mga alituntunin ng DOR



- Ipaliwanag kung kakailanganin mong magbayad para sa isang bahagi ng iyong mga serbisyo (pampinansyang pakikilahok)
- Ipaliwanag ang iyong pangangailangang gumamit ng mga serbisyong makukuha mula sa iba pang mga napagkukunan (mga napaghahambing na serbisyo at benepisyo) at iba pang mga nauugnay na impormasyon
- Tutulungan kang kumumpleto ng mga porma ng DOR
- Ipapaliwanag ang programa ng Ticket to Work

Susuruin ng iyong tagapayo ang iyong pansamantalang IPE upang tiyaking nakakatugon ang iyong mga layunin at kinakailangang serbisyo sa mga alituntunin ng DOR.

*Tukuyin ang Iyong Mga Layunin*

# Mga Serbisyo sa Trabaho

Ibibigay ng DOR ang sakop at tagal ng mga serbisyong kinakailangan upang matulungan kang makakuha, makapagpanatili, o makapagpanumbalik ng trabaho.

Dapat na nakumpleto at nalagdaan mo ang iyong IPE, at pagkatapos ay pasulat na naaprubahan ng iyong tagapayo at/o ng Tagapamahala ng Rehabilitasyon bago ka magsimulang makatanggap ng mga serbiysong kabilang sa iyong IPE.

Hindi lahat ng naaaring serbisyo ay kailangan ng lahat ng consumer. Ang mga serbisyo ng DOR ay kinabibilangan ngunit hindi limitado sa:

- pagpapayo at patnubay
- mga tinukoy na serbisyo mula sa ibang ahensiya o programa at tulong upang makakuha ng mga serbisyo mula sa iba pang mga ahensiya
- tulong sa paghahanap at paglalagay sa trabaho
- bokasyunal at iba pang mga pagsasanay na serbisyo
- pagsusuri ng mga kapansanang pisikal at pangkaisipan
- mga tulong na serbisyong pansarili o pangtulong sa trabaho
- mga serbisyo ng mga tagasalin ng wika
- mga serbisyo sa rehabilitasyon at sa oryentasyon/pagkilos-kilos para sa mga indibidwal na bingi at/o bulag
- mga lisensiyang pantrabaho, mga kagamitan, panimulang kagamitan at kasangkapan
- tulong na teknikal para sa pansariling empleyo
- teknolohiyang nakakatulong sa rehabilitasyon
- mga sinusuportahang serbisyo sa trabaho
- mga serbisyo sa pamilya

- transportasyong ayon sa hinihingi, gaya ng paglalakbay at mga nauugnay na gastusin, na kinakailangan upang mabigyang-daan kang makilahok sa isang serbisyo sa pang-bokasyunal na rehabilitasyon
- mga serbisyo pagkatapos makakuha ng trabaho
- mga serbisyo sa transisyon para sa mga mag-aaral
- pagpapalawak ng mga oportunidad sa trabaho para sa mga indibidwal na may mga kapansanan, na kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, propesyunal na pagtatrabaho at sariling kabuhayan

# Mga Tungkulin ng Consumer

Pagkatapos mabuo ang iyong IPE, tungkulin mong:

- Panatilihin ang pakikipag-ugnay sa iyong tagapayo at dumalo sa lahat ng appointment.
- Makipag-usap sa isang miyembro ng iyong VR team kung nagkakaroon ka ng problemang nakakaapekto sa iyong IPE (gaya ng mga pagbabago sa iyong address, medikal, o pampinansyang katayuan).
- Talakayin ang anumang mga pagbabagong maaaring kailanganin sa iyong IPE.
- Mag-apply at kumuha ng mga napaghahambing na serbisyo at benepisyo (gaya ng tulong pampinansya, mga grant, o serbisyo sa pamamagitan ng mga ahensyang hindi DOR).
- Pampinansyang lumahok sa iyong IPE, kung kinakailangan.
- Lumahok at ganap na makilahok sa mga programa at klase sa pagsasanay.
- Magbigay ng mga ulat, pana-panahon, ukol sa iyong pagunlad, mga grado o marka, at dumalo sa mga taunang pagpupulong sa pagsusuri kung kinakailangan.
- Ganap na lumahok sa iyong paghahanap ng trabaho at mga gawain sa paglalagay sa trabaho.
- Humingi muna ng paunang pahintulot mula sa iyong tagapayo o sa Tagapamahala ng Rehabilitasyon bago ka bumili ng anumang produkto at serbisyo na nauugnay sa iyong IPE. Kinakailangan ang isang nakasulat na pagpapahintulot bago makapagbigay ng anumang mga serbisyo.
- Makipagkasundo sa iyong tagapayo at lumagda sa isang nakasulat na pagwawasto sa IPE kung gagawa ng makabuluhang pagbabago sa iyong plano.

- Makipag-usap at makipag-ugnayan nang may paggalang, pagsasaalang-alang, at respeto.

**Ang pagkabisong makipagtulungan, pagkabisong gumawa ng makatwirang pagsusumikap, o pagkabisong harapin ang nagaganap na pakikipag-ugnayan o ang mga naka-takdang tipanan ay maaaring magresulta sa pagkawala ng karagdagang mga serbisyo at pagsasara ng iyong kaso.**

# Pagsulit sa Kahihinatnan ng Trabaho

Sa pagbuo ng isang IPE, tutukuyin ng consumer at ng DOR ang ninanais na kahihinatnan ng pagtatrabaho na naaayon sa mga natatanging lakas, mapagkukunan, prayoridad, alalahanin, kakayahan, kapabilidad, interes, at makahulugang pagpili ng consumer.

Hindi lamang nilalayon ng programa sa mga serbisyo ng VR ng Estado na ipasok ang mga indibidwal na may mga kapansanan sa mga trabahong nasa mababang antas ngunit nilalayong bigyan-daan ang mga indibidwal na magsumikap na magkaroon ng mga makabuluhang trabaho sa pamamagitan ng pagkamit ng trabahong akma sa kanilang mga kakayahan at kapabilidad. (Welf. and Inst. Code Sec. 19000, subd. (a)(6))

**Mga Layunin sa Hinaharap:**

---

---

---

---

---

---

---

---

---

---

*Pagtatrabaho, Pagsasarili at Pagkakapantay-pantay*

# Mga Tungkulin ng Tagapayo

Responsibilidad ng iyong tagapayo na:

- Tulungan ka sa pagpapatupad ng makahulugang pagpili.
- Magbigay ng pagpapayo at patnubay.
- Panatilihing kumpedensyal ang impormasyon, maliban na lamang kung kinakailangan ng batas na ibahagi ng tagapayo ang impormasyon.
- Ipaalam sa iyo ang mga tukoy na maaaring mapagkukunan ng naaangkop na tulong.
- Ipaalam sa iyo ang iyong mga karapatan at kalunasan, kabilang ang pagsusuri ng mga pagpapasya ng DOR, kung paano humiling ng Pagpapamagitan, Patas na Pagdinig, o maghain ng reklamo sa diskriminasyon.
- Ipaalam sa iyo ang tungkol sa Programa sa Pagtulong sa Kliyente.
- Tumulong sa pag-asikaso sa iyong mga serbisyo para sa iyong plano.
- Suriin ang iyong pag-unlad paminsan-minsan at kumumpleto ng Taunang Pagsusuri upang maipagpatuloy ang napapanahong paghahatid ng serbisyo.
- Makipagkasundo sa iyo at bigyan ka ng nakasulat na pagwawasto para sa iyong lagda kung mayroong mahahalagang pagbabago sa iyong IPE.
- Panatilihin ang pabibigay sa iyo ng kaalaman sa kabuuan ng iyong plano, kabilang ang ganap na pagkonsulta bago isara ang iyong talaan ng mga serbisyo (rekord ng kaso).
- Makipag-usap at makipag-ugnayan nang may paggalang, pagsasaalang-alang, at respeto.

*Sama-sama, Makakagawa Tayo ng Mga  
Makabuluhang Bagay!*

# Pagsasara ng Kaso

Maaaring isara ang iyong talaan ng mga serbisyo (rekord ng kaso) dahil sa iba't ibang bagay.

Ang pinakamainam na dahilan ay matagumpay ka nang nakapagtrabaho sa loob ng 90 araw. Sa panahong iyon, maaari nang matagumpay na isara ang iyong talaan ng mga serbisyo.

Ang iba pang mga dahilan para sa pagsasara ng iyong talaan ng mga serbisyo ay kinabibilangan ng:

- Natukoy na hindi ka kwalipikado para sa mga serbisyo.
- Hindi ka nakahanda upang kumumpleto ng kinakailangang pagtatasa upang matukoy ang iyong pagiging kwalipikado o prayoridad para sa mga serbisyo.
- Huminto ka sa pakikipag-ugnay sa DOR at hindi ka matunton o maka-ugnay.
- Tumanggi kang tumanggap, lumahok o gumamit ng mga serbisyo ng DOR.
- Nabigo kang makipagtulungan sa mga pagtatasa o sa iyong IPE.
- Nasangkot ka sa anumang kriminal na gawain, kabilang ang panloloko, na nauugnay sa iyong aplikasyon o sa pagtanggap ng mga serbisyo sa pang-bokasyunal na rehabilitasyon.

Maaari mong i-apila ang anumang pagkilos o pagpapasya ng DOR, kabilang na ang pagsasara ng iyong talaan ng mga serbisyo.



# Programa sa Pagtulong sa Kliyente

Kung makaranas ka ng mga problema sa mga serbisyong ibinibigay ng DOR, maaari kang humiling ng tulong mula sa Programa sa Pagtulong sa Kliyente (CAP). Hinihikayat kang subukang lutasin muna ang problema sa tulong ng iyong tagapayo o ng kanyang Tagapamahala ng Rehabilitasyon. Maaari kang bigyan ng isang kinatawan ng CAP ng impormasyon, payo, at pagkatawan, kabilang ang tulong sa pagsusulong na pambatas, pang-pamahalaan, o iba pang mga naaangkop na lunas upang maseguro ang pangangalaga ng iyong mga karapatan, at upang matulungan ka sa pagbibigay daan sa iba pang mga naaangkop na serbisyo. Maaari kang makakuha ng tulong mula sa CAP anumang oras simula noong nag-apply ka para sa mga serbisyo, hanggang sa pagkatapos mong tumigil sa pagtanggap ng mga serbisyo. Karapatan mong magsama ng miyembro ng pamilya, kinatawan, o kinatawan ng CAP upang makipagkita sa kawani ng DOR. Ang mga tagapagtaguyod ng CAP ay mga independiyenteng kinatawan at hindi mga empleyado ng DOR.

Kung hindi ka makakuha ng kalutasan sa iyong mga alalahanin sa lokal na pangasiwaan, maaari kang tulungan ng CAP na humiling, maghanda , at/o kumatawan para sa iyo sa isang pagpupulong sa Pagpapamagitan, isang Pamunuang Pagsusuri, o abisuhan ka tungkol sa pamamaraan ng Patas na Pagdinig.

**Programa sa Pagtulong sa Kliyente**  
Sanggunian sa buong estado ng California  
1-800-952-5544 Telepono  
1-866-712-1085 TTY

Lokal na kinatawan ng CAP

# Pagsusuri ng Mga Pagpapasya

## Pang-pamunuang Pagsusuri

Kapag hindi nalutas ang iyong mga alalahanin sa tulong ng iyong tagapayo o ng Tagapamahala ng Rehabilitasyon sa lokal na antas, maaari kang humiling ng Pang-pamunuang Pagsusuri ng Pinuno ng Distrito. Muli, maaari kang tulungan ng CAP sa kahilingang ito.

## Pagpapamagitan

Ang pagpapamagitan ay isa pang paraan para sa paglutas ng mga di-pagkakaunawaan sa DOR. Ang pagpapamagitan ay isang pamamaraang boluntaryo, kumpedensyal, at lumulutas sa problema, na ginagabayan ng mga kwalipikado at patas na tagapamagitan mula sa labas ng DOR.

Ang mga layunin ng pagpapamagitan ay upang ilarawan nang buo ang parehong panig ng di-pagkakaunawaan, tumuklas ng mga kaparaanan para sa paglutas ng problema, at makakamit ng mga kasiya-siyang kalutasan sa parehong panig.

Libre ang serbisyong ito para sa mga aplikante, kwalipikadong indibidwal, at consumer. Malaya kang magsama ng kinatawan para sa suporta sa panahon ng pagpapamagitan.

Para sa impormasyon sa paghiling ng pagpapamagitan, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong tagapayo, kanyang Tagapamahala sa Rehabilitasyon, o Pinuno ng Distrito sa iyong lokal na distritong tanggapan. Nakalista ang mga numero ng telepono ng distritong tanggapan ng DOR sa mga pahina 29-30.

## Patas na Pagdinig

Kung hindi ka nasisiyahan sa anumang pagkilos o pagpapasya ng DOR na nauugnay sa iyong aplikasyon o sa iyong mga serbisyo, maaari kang humiling ng Patas na Pagdinig sa loob ng isang taon matapos ang pagpapasya o pagkilos ng DOR. Kung hindi ka nasisiyahan sa pagpapasyang ginawa bilang resulta ng Pamunuang Pagsusuri, dapat na

maghain ng nakasulat na kahilingan para sa isang Patas na Pagdinig sa Kagawaran sa loob ng 30 araw pagkatapos matanggap ang pagpapasya. Magaganap ang pagdinig sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng iyong kahilingan maliban na lamang kung samasang-ayon ka sa isang pagkaantala. Kasabay nito, maaari ka ring humiling ng impormal na Pang-pamunuang Pagsusuri. Ihaharap ang pagpapasya sa loob ng 15 araw pagkatapos ng petsa ng kahilingan. Sa pagdinig, maaari kang personal na magpakita at maaaring samahan ng isang kinatawan o kinatawanna iyong pipiliin. Maraming problema ang maaaring lokal, impormal, at mas mabilis na malutas. Maaaring makabubuti sa iyo na makipagtulungan muna sa pamamaraan ng pamunuang pagsusuri bago humiling ng pormal na Patas na Pagdinig.

Para sa impormasyon sa paghiling ng Patas na Pagdinig, maaari kang makipag-ugnay sa Pinuno ng Distrito ng iyong lokal na tanggapan ng DOR. Kung hindi ka nasisiyahan sa pagpapasya ng Patas na Pagdinig, maaari kang maghain ng writ of mandate, sa loob ng anim na buwan pagkatapos ng pagpapasya sa Nakatataas na Hukuman ng California (California Superior Court).

# Pagiging Kumpedensyal

Ang Kagawaran ay naninindigan sa pagpapanatiling kumpedensyal ng anumang impormasyong iyong ibinibigay.

Ginagarantiya sa iyo ng Information Practices Act ng 1977, California Civil Code, Sections 1798 et seq., ang ilang tukoy na karapatan:

- *Karapatang Pamribado:*

Ang impormasyon lamang tungkol sa iyo na may-katuturan at kinakailangan upang tuparinang layunin ng programa ng Kagawaran ang kakalapin. Gagamitin lamang ang impormasyon sa pamamaraan ng programa para sa mga serbisyo, kabilang ang paglutas sa mga reklamo at apila ng consumer. Maaaring ibahagi ang ilang personal na impormasyon sa Administrasyon ng Panlipunang Seguridad (Social Security Administration) upang mapatunayang kwalipikado ka para sa mga serbisyo.

- *Karapatan sa pag-bibigay daan:*

Maaari kang humiling na bigyang daan na makita mo ang anuman sa iyong mga talaang pinapanatili ng DOR. Ang DOR ay agaran kang papayagan o ang iyong napiling kinatawan na magsiyasat, o magbibigay sa iyo ng mga kopya ng anumang dokumento o impormasyon sa talaan ng kaso.

- *Karapatang humiling ng pagwawasto sa iyong talaan ng serbisyo sa iyong kaso:*

Maaari kang humiling ng pagwawasto sa anumang maling impormasyon sa iyong talaan sa pamamagitan ng paggawa ng kahilingan sa iyong tagapayo. Ang iyong kahilingan ay dapat na nakasulat at napakatukoy hangga't maaari. Kung hindi sumasang-ayon ang Tagapamahala ng Rehabilitasyon sa iyong pagwawasto sa talaan, maaari kang humiling ng Pang-pangasiwaang Pagsusuri o Patas na Pagdinig (tingnan ang pahina 23-24). Kung hindi tumutugma ang mga resulta ng pagsusuri o pagdinig sa iyong pagwawasto sa iyong talaan, maaari kang magsulong ng nakasulat na pahayag na may makatwirang haba na naglalaman ng iyong mga kuro-kuro ukol sa pinagtatalunang impormasyon. Ilalagay ang pahayag na ito sa iyong talaan ng mga serbisyo.

# Pagbubunyag

Sa pangkalahatan, hindi makakapaglabas ang DOR ng impormasyon ng consumer nang hindi tumatanggap ng pagpapahintulot mula sa iyo. Dapat na lumagda ang isang consumer sa isang naaangkop na pormang nagbibigay pahintulot bago makapagpalabas ng impormasyon ang DOR sa sinuman, kabilang ang impormasyon sa isang miyembro ng pamilya, maliban na lamang kung mayroong utos ng hukuman o batas na humihiling sa aming magbunyag. Sa ilang natatanging pagkakataon mayroong mga pagbubunyag nang walang nakasulat na pahintulot, tulad ng inilalarawan sa California Code of Regulations Section 7143.

Ang lahat ng taong pahihintulutansa iyong mga talaan ay pinagbabawalan na muling ibunyag ang impormasyong ito sa sinumang iba pa nang wala kang tiyak na kaalaman or nakasulat na pahintulot.

# Diskriminasyon

Patakaran ng DOR na pagsilbihan ang lahat ng kwalipikadong taong may mga kapansanan nang walang diskriminasyon batay sa kanilang pinoprotektahang estado, kabilang ang: kapansanang pisikal o pangkaisipan, edad, kasarian, kulay, etnikong pangkat, lahi, pambansang pinagmulan, pinanggalingang angkan, relihiyon, kalagayang medikal, oryentasyong sekswl , o katayuan sa pagaasawa.

Minsan, maaaring hindi payagan ng mga regulasyon at patakaran ng DOR ang iyong tagapayo na aprubahan ang isang serbisyong iyong hiniling, at ang iyong kahilingan ay babaguhin o tatanggihan. Ang ganitong uri ng pagpapasya ay isang hindi pagkakasundo, ngunit hindi diskriminasyon. Gayunpaman, maaaring maging diskriminasyon ang isang hindi pagkakasundo o pagpapasya kung ang dahilan kung bakit ang iyong tagapayo ay hindi sumasang-ayon sa iyo o tumatanggi sa iyong kahilingan ay batay sa iyong lahi, edad, kapansanan, o isa pang pinoprotektahang katayuang nakatala sa itaas.

Mayroon kang karapatang ipalutas ang mga hindi pagkakasunduan ninyo ng iyong tagapayo sa isang taong maliban sa iyong tagapayo. Mayroon kang

karapatang tumawag sa isang kinatawan ng Programa sa Pagtulong sa Kliyente (Client Assistance Program) upang matulungan kang lutasin ang hindi pagkakasundo (tingnan ang pahina 22). Mayroon ka ring karapatang humiling ng Pang-pamunuang Pagsusuri, Pagpapamagitan, at/o Patas na Pagdinig upang lutasin ang hindi pagkakasundo (tingnan ang pahina 23-24) Maaaring lutasin sa mga pamamaraang ito ang karamihan sa mga hindi pagkakasundo.

Kung mayroon kang impormasyon na ang hindi pagkakasundo ay dahil sa iyong lahi, edad, kapansanan, o isa pang pinangangalagaang estado, mayroon kang karapatang maghain ng reklamo sa diskriminasyon upang lutasin ang problema sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng nangyaring aksyong diskriminasyon.

Mayroong tatlong paraan upang maghain ng reklamo sa diskriminasyon:

1. Makipag-ugnay sa Pinuno ng Distrito at humiling ng Pang-pamunuang Pagsusuri na nauugnay sa diskriminasyon. Ipaliwanag kung bakit sa palagay mo ay batay sa diskriminasyon ang hindi pagkakasundo o ang pagtanggap. **Dahil ang Pinuno ng Distrito ay pinakamalapit sa pinanggalingan ng iyong serbisyo, maaaring magawa niyang lutasin ang iyong reklamo nang tuwiran at mas mabilis kaysa sa iba pang mga pamamaraan ng pagrereklamo.** Maaaring matunton ang Pinuno ng iyong Distrito sa pamamagitan ng paggamit ng impormasyon sa pakikipag-ugnay sa mga pahina 29-30.
2. Makipag-ugnay sa Office of Civil Rights (OCR) ng DOR kung naniniwala kang ang mga pagkilos na naisagawa at/o mga pagpapasyang nabuo ay dahil sa hindi makatwirang diskriminasyon (ibig sabihin, nauugnay sa isang pinoprotektahang katayuan: lahi, kulay, relihiyon, pinanggalingang angkan, pambansang pinagmulan, oryentasyong sekswal, katayuan sa pagaasawa, kalagayang medikal, genetics, kapansanang pangkatawan or pangkaisipan, kasarian, o edad) sa halip na sa mga patakaran o regulasyon ng DOR. Magpapadala sa iyo ang OCR ng porma sa paghahain ng reklamo sa diskriminasyon at magbibigay ng detalyadong impormasyong dapat mong isama sa iyong reklamo. Sa panahon ng pagtanggap at pagsusuri ng iyong reklamo, kung naaangkop, magsasagawa ang OCR ng pagsisiyasat at ipapaalam sa iyo ang resulta. Makipag-ugnay sa OCR sa:

Kagawaran ng Rehabilitasyon  
Tanggapan ng Mga Karapatang Sibil  
721 Capitol Mall  
Sacramento, CA 95814  
(916) 558-5850 Telepono  
(916) 558-5852 TTY

3. Makipag-ugnay sa U.S. Department of Education, Office for Civil Rights (US DOE OCR). Ipaliwanag ang iyong hindi pagkakasundo o pagtangga at magbigay ng impormasyong sumusuporta sa kung bakit sa palagay mo ay batay ito sa diskriminasyon. Maaaring siyasatin ng US DOE OCR ang iyong reklamo at makipagtulungan sa DOR upang lutasin kung naaangkop.

U.S. Department of Education  
Office for Civil Rights  
50 Beale Street, Ste. 7200  
San Francisco, CA 94105  
(415) 486-5555 Telepono  
(877) 521-2172 TTY

# Mga Distritong Tanggapan ng DOR

## Saan Makakahanap ng Impormasyon:

[www.dor.ca.gov](http://www.dor.ca.gov)

### Northern/Central California

#### Greater East Bay

1485 Enea Court, Suite 1100  
Concord, CA 94520-5228  
(925) 602-3953 Telepono  
(925) 689-1798 Fax  
(925) 676-5623 TTY

#### Northern Sierra

721 Capitol Mall, Suite 110  
Sacramento, CA 95814-4702  
(916) 558-5300 Telepono  
(916) 558-5303 Fax  
(916) 558-5302 TTY

#### Redwood Empire

50 D Street, Suite 425  
Santa Rosa, CA 95404-4764  
(707) 576-2233 Telepono  
(707) 576-2239 Fax  
(707) 576-8212 TTY

#### San Francisco

301 Howard Street, Suite 700  
San Francisco, CA 94105-6604  
(415) 904-7100 Telepono  
(415) 904-5996 Fax  
(415) 904-7100 TTY

#### San Joaquin Valley

2550 Mariposa Mall, Rm. 2000  
P.O. Box 24001  
Fresno, CA 93779-9889  
(559) 445-6011 Telepono  
(559) 445-6528 Fax  
(559) 266-3373 TTY

#### San Jose

100 Paseo de San Antonio, Rm. 324  
San Francisco, CA 95113-1479  
(408) 277-1355 Telepono  
(408) 277-1270 Fax  
(408) 277-4129 TTY

#### Santa Barbara

509 E. Montecito Street, Suite 101  
Santa Barbara, CA 93103-3216  
(805) 560-8130 Telepono  
(805) 560-8162 Fax  
(805) 560-8167 TTY



# Mga Distritong Tanggapan ng DOR

## **Southern California**

### **Greater Los Angeles**

3333 Wilshire Blvd, Suite 200  
Los Angeles, CA 90010-4101  
(213) 736-3904 Telepono  
(213) 736-3949 Fax  
(213) 736-3960 TTY

### **San Diego**

7575 Metropolitan Drive, Suite 107  
San Diego, CA 92108-4402  
(619) 767-2100 Telepono  
(619) 767-2156 Fax  
(619) 767-2159 TTY

### **Los Angeles South Bay**

4300 Long Beach Blvd, Suite 200  
Long Beach, CA 90807-2008  
(562) 422-8325 Telepono  
(562) 864-2776 Fax  
(562) 422-9276 TTY

### **Van Nuys/Foothill**

5900 Sepulveda Blvd, Suite 240  
Van Nuys, CA 91411-2511  
(818) 901-5024 Telepono  
(818) 901-4316 Fax  
(818) 901-5086 TTY

### **Orange/San Gabriel**

222 S. Harbor Blvd, Suite 300  
Anaheim, CA 92805-3701  
(714) 991-0800 Telepono  
(714) 991-0843 Fax  
(714) 991-0800 TTY

### **Inland Empire**

3130 Chicago Avenue, Suite 5  
Riverside, CA 92507-3445  
(951) 782-6650 Telepono  
(951) 782-6676 Fax  
(951) 682-0143 TTY

State of California  
Health and Human Services Agency  
Department of Rehabilitation



## **Ang DOR Ay isang Nagpapatrabaho / Programa sa Pantay-pantay na Oportunidad**

### **PAALALA SA MGA HINDI NAGSASALITA NG INGLÉS**

Kung isa kang aplikante, consumer, o taong humihiling ng impormasyon mula sa DOR, mayroon kang karapatang makipag-ugnayan sa kawani ng DOR sa iyong pangunahing wika.

Mayroon kang karapatang pakitunguhan nang may paggalang para sa indibidwal na dignidad, personal na responsibilidad, at determinasyon sa sarili. Mayroon kang resposibilidad na ganap na makilahok at makipagtulungan sa pamamaraan ng pang-bokasyunal na rehabilitasyon, kabilang ang pakikitungo sa kawani ng DOR, mga ahente nito, at mga kapwa kalahok nang may paggalang at pagsasaalang-alang.

Mangyaring sabihin sa amin kung mahirap para sa iyong makaintindi o makapagsalita ng Ingles at tutulungan ka naming makipag-ugnayan sa iyong wika.

Kung nais mong mag-ulat o magreklamo tungkol sa isang hadlang sa wika sa kawani ng DOR, mangyaring hilinging makipag-usap sa Tagapamahala ng Rehabilitasyon sa iyong lokal na tanggapan upang lutasin ang hadlang sa wika.



---

**DEPARTMENT of  
REHABILITATION**

---

Employment, Independence & Equality

Edmund G. Brown Jr.  
Gobernador  
Estado ng California

Diana S. Dooley  
Kalihim  
Ahensya ng Mga Pangkalusugan at Pantaong Serbisyo

Anthony "Tony" P. Sauer, EMMDS  
Direktor  
Kagawaran ng Rehabilitasyon

Ang paglilimbag na ito ay maaaring hilingin sa Braille, malaking titik, computer disk, at cassette tape. Ang mga kahilingan ay dapat na idulog sa:

Department of Rehabilitation  
Office of External Affairs  
(916) 558-5874 Telepono  
(916) 558-5807 TTY  
externalaffairs@dor.ca.gov  
[www.dor.ca.gov](http://www.dor.ca.gov)